


Ang kanser sa suso ay isang uri ng kanser na nagsisimula sa mga tisyu ng suso. Ang suso ay nasa may itaas na parte ng katawan. Ito ay binubuo halos ng taba at tisyu sa suso, kasama ang mga ugat, *nerves/arteries* at ng tisyu na nag-uugnay at nagkokontrol sa lahat. Ang suso ng babae ang nagdadala at nagbibigay ng gatas sa kanyang anak matapos manganak.





Philippine Society of Medical Oncology

Unit 1418, 14/F, North Tower,
Cathedral Heights Bldg. Complex,
St. Luke's Medical Center,
E. Rodriguez Ave., Quezon City 1112

Telephone No.: (632) 721-9326
(632) 723-0101 loc. 5318

Email add: inquiries@psmo.org.ph
psmo_secretariat@yahoo.com

Website: www.psmo.org.ph



Pang-unawa ng

**KANSER SA
SUSO**

KANSER SA SUSO

Ang kanser ay isang uri ng karamdamang nagmumula sa abnormal na pagdami ng mga *cells*. Ang *malignant tumors* o ang mga mapanganib na tumor ay umaatake at sinisira ang mga normal na tisyu at maaring kumalat sa iba't ibang bahagi ng katawan.

Ang kanser sa suso ay mas karaniwan sa mga babaeng mahigit na 35 taon ang gulang. Ang pinakakaraniwan na sintomas nito ay ang pagkakaroon ng cyst o bukol sa pinanggalingan ng gatas. May mga pagkakataon na walang sintomas o hindi nakakapa ang bukol sa suso ngunit maari na itong makita sa pamamagitan ng mammography. Walang magagawa kung may kanser sa suso maliban sa pagtuklas ng maaga sa sakit upang hindi lumala.

Ano ang statistic ng kanser na ito sa ating bansa?

Ang kanser sa suso ang nangungunang sakit sa mga kalalakihan at kababaihan, na pinagsama ng 15% noong taong 2010, at ayon sa *survey* ito ang nangunguna sa mga kababaihan. Noong 2010, tinatayang 12, 262 baong kaso ng kanser ang naganap sa mga kababaihan.

Ano ang dahilan ng panganib na ito?

- Ang kalagayan ng *hormone* ng babae ang nagpapataas ng panganib ng kanser sa suso
- Hindi pa kailanman nanganganak
- Unang panganganak ay nangyari noong edad 30 pataas
- Matagal na pagtigil ng buwang regla
- Aktibong paninigarilyo
- Araw-araw na paginom ng alak
- *Stress*
- Pagkain ng matabang pagkain
- Kung may kapamilya na nagkaroon ng kanser sa suso

Ano ang sintomas nito?

- Bukol sa suso
- Nana sa utong
- Kulubot sa balat ng suso
- Pangangapal sa suso
- Patuloy na pamamaga ng suso

Maagang Pagtuklas

Sa edad na 30 (maaaring mas bata pa kung mataas ang panganib tulad ng may mga kamag-anak na nagkaroon din ng kanser) kahit wala pang sintomas inirerekomenda ang:

- Buwan-buwan na sariling pagsusuri
- Pana-panahon na pagpapatingin sa doktor
- Taunan na breast examination na gagawin ng isang *health worker*
- Magpa-*mammography* para sa maagang diyagnosis

Ito ay upang madiskubre ng maaga ang pagkakaroon ng kanser sa suso kung saan kaya pa itong gamutin.

Mga Paraan ng Pagsusuri ng Suso

- Maaring suriin ang iyong suso habang nakatayo sa harap ng salamin. Tignan kung may pagbabago ang hugis o laki ng suso at utong gaya ng pamamaga, pamumula o paglabas ng likido.
- Puwede rin tignan ang iyong suso habang naliligo. Kung may sabon ang mga kamay ay mas madaling kapain kung mayroon mang bukol o pagbabago sa suso.